



## TUNGKOL SA MGA KAUTUSAN NG PAGHIHIGPIT SA KARAHASAN NA NAUGNAY SA BARIL

ISANG TOOL PARA PIGILANG MAKAPAGDULOT NG PINSALA SA SARILI AT SA IBA

Ang karahasan na nauugnay sa baril ay isang maiiwasang krisis sa pampublikong kalusugan na nagdudulot ng salot sa ating bansa.

### Sa ilalim ng pamumuno ni Gobernador Gavin

**Newsom**, ipinatupad ng California ang pinakamatibay na batas sa kaligtasan na nauugnay sa baril sa bansa. Kabilang dito ang Mga Kautusan ng Pahihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril, na pansamantalang pumipigil sa isang taong nasa krisis na magkaroon ng mga baril at bala habang ang utos ay ipinapatupad.

Ang Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril ay isang aksiyong sibil na ginawa ng lokal na hukuman. Ang pansamantalang kautusan ay nagbibigay sa isang indibidwal na nasa krisis ng

pagkakataon na ligtas na ma-access ang tulong at pangangalaga – at potensiyal na mapigilang mangyari ang isang aksiyon ng karahasan na nauugnay sa baril o pagpapakamatay gamit ang baril. Hindi ito itinuturing na kaparusahan sa ilalim ng batas..

Sa pamamagitan ng pagbibigay kapangyarihan sa mga may kakayahang maghain ng kahilingan at sa pamamagitan ng edukasyon at pagtaas ng kamalayan, mababawasan ng mga taga-California ang insidente ng karahasan na nauugnay sa baril at pagpapakamatay gamit ang baril.

**KUNG IKAW O ANG ISANG MAHAL SA BUHAY AY AKTIBONG NAKAKARANAS NG ISANG KRISIS AT NASA NAPIPINTONG PANGANIB NA MAGDULOT NG PINSALA SA SARILI O SA IBA, TUMAWAG SA 911.**

# TUNGKOL SA MGA KAUTUSAN NG PAGHIHIGPIT SA KARAHASAN NA NAUUGNAY SA BARIL

ISANG TOOL PARA PIGILANG MAKAPAGDULOT NG PINSALA SA SARILI AT SA IBA



## PINAPANGUNAHAN NG CALIFORNIA ANG BANSA SA KALIGTASAN NA NAUUGNAY SA BARIL

- Noong 2021, nanguna ang California para sa kaligtasan na nauugnay sa baril ng [Giffords Law Center](#). Sa parehong taon, nakita ng estado ang 37% na mas mababang rate ng pagkamatay dahil sa baril kaysa sa pambansang average.
- Ang mga taga-California ay may 25% [na mas mababang posibilidad ng pagkamatay sa isang malawakang pamamaril](#) kumpara sa mga tao sa ibang mga estado.



## MAAARING MAGLIGTAS NG MGA BUHAY ANG MGA KAUTUSAN NG PAGHIHIGPIT SA KARAHASAN NA NAUUGNAY SA BARIL

- Ang California ay [nag-isyu](#) ng 3,007 Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril mula 2016 hanggang 2020.
- Sa unang tatlong taon mula nang magkabisa, [nakatulong ang mga utos upang tumulong na maiwasan ang 58 banta ng malawakang pamamaril](#) sa estado, ayon sa mga mananaliksik ng UC Davis.



## ANG MGA PINAKAMALAPIT SA ISANG INDIBIDWAL AY MAAARING SIYANG UNANG MAKAKITA NG MGA PALATANDAAN NG BABALA

Nilagdaan ni Gobernador Newsom ang isang panukalang batas na nagkaroon ng bisa noong Enero 1, 2023, upang palawakin ang listahan ng mga tao na maaaring maghain ng kahilingan para sa Kautusan ng Paghihigpit sa Karahasan na Nauugnay sa Baril.

Kasama na ngayon sa “mga kuwalipikadong petitioner” ang:

- **Isang miyembro ng pamilya o mahal sa buhay** na nauugnay sa pamamagitan ng pagiging kadugo, kasal, o pag-aampon.
- **Sinuman na kasalukuyang miyembro ng sambahayan/kakuwerto** o nakasama sa loob ng nakaraang anim na buwan.
- **Isang katrabaho** na regular na nakikipag-ugnayan sa taong nasa krisis nang hindi bababa sa isang taon, na may pag-apruba mula sa employer.
- **Isang guro o empleyado sa isang middle school, high school, kolehiyo o unibersidad** kung saan nag-aaral ang taong nasa krisis sa nakalipas na anim na buwan, na may pag-apruba mula sa isang administrator o superbisor ng paaralan.
- **Tagapagpatupad ng batas**, kabilang ang mga opisyal ng kapayapaan ng California.
- **Isang indibidwal** na may child-in-common o may romantikong relasyon sa taong nasa krisis.